Filipino

**Factsheet**

# Mga Kababaihan at ang Sipilis



Ang sipilis ay isang malalang impeksyon at dumarami ang mga kababaihan sa Australya na nagkakaroon nito. Dagdagan ang kaalaman tungkol sa sipilis at kung paano ninyo maprotektahan ang iyong sarili.

**Ang sipilis** ay isang malalang sakit na nakakahawa mula sa pakikipagseks (STI) na siyang naililipat habang nakikipagtalik.

### Dumarami ang mga kababaihang nasa edad na 15 hanggang 44 na taon ang nagkakaroon nito.

Sa pagitan ng taong 2016 at 2022 ang dami ng nakakahawang sipilis sa mga kababaihang nasa edad na 15 hanggang 44 taon ay lumaki ng 158 porsiyento sa Australya*.

### Maaaring hindi mo alam na ikaw ay may sipilis

May mga taong hindi nararamdaman na sila ay may sakit o alam na sila ay may sipilis. Posibleng magkaroon ng sipilis at walang malay na ihawa ito sa iyong karelasyon.

Inirerekomenda namin na kayo at iyong karelasyon ay regular na kumuha ng isang full STI test (kumpletong pagsusiri sa STI) -kahit wala kang anumang sintomas.

Kung malaman mong mayroon kang sipilis, ipaalam sa iyong karelasyon upang maaari rin silang masuri at magamot. Pipigilan nito ang pagbabalik ng sipilis sa iyo o ang paghawa sa iba.

### Ang mga sintomas ng sipilis ay magkakaiba sa bawat tao

Kung magkakaroon ka ng sipilis, ang mga unang palatandaan ay mga sugat o mga ulcer sa maselang bahagi ng katawan, tumbong at bibig.

**Sa paglipas ng panahon lalantad ang iba pang mga sintomas:**

- Mga pantal
- Mga sugat sa balat
- Namamagang lymph nodes
- Pagkakalbo
- Pananakit ng kalamnan at kasukasuan
- Pananakit ng ulo
- Sobrang pagkapagod

### Kung hindi magamot, maaaring magdulot ang sipilis ng:

- Mga impeksyon ng utak
- Dimensiya
- Pagpalya ng baga at puso
- Pagkabulag
- Pagkamatay

*Australian Department of Health and Aged Care, (2023), National Notifiable Disease Surveillance System. Available at https://nindss.health.gov.au/pbi-dashboard

MULTICULTURAL HIV AND HEPATITIS SERVICE

South Western Sydney Local Health District
Health Promotion Service

NSW GOVERNMENT

Factsheet

# Mga Kababaihan at ang Sipilis

## Ang paghawa ng sipilis sa iyong sanggol ay maaaring nakamamatay

Kung mayroon kang sipilis at nagdadalang tao, maaari mong ihawa ang impeksyon sa iyong sanggol bago sila isilang.

**Kilala ito bilang congenital syphilis at maaari itong magdulot ng:**

- pagkalaglag ng pagbubuntis
- pagkamatay ng sanggol sa sinapupunan
- mga napaagang pagsilang
- mababang timbang ng bata
- pagkamatay ng sanggol sa pagkasilang

Ang congenital syphilis ay maaaring magdulot ng permanenteng pagkasira ng utak o organo sa iyong sanggol. Maaaring makaapekto ito sa kanilang paglaki at pagsulong.

Maaaring hindi magpapakita ang ilang mga sanggol ng mga isyu sa paglaki at pagsulong hanggang sila ay mas matanda na, na humahantong sa isang naantalang dyagnosis.

## Ang pagkakaroon ng regular na pagsusuri ay makakatulong sa iyo

Inirerekomenda namin na regular kang magkaroon ng isang full STI test -kahit wala kang anumang sintomas at lalo na kung ikaw ay nagdadalang tao o may planong mabuntis.

Ang pagsusuri sa sipilis ay mga mahalagang karaniwang pagsusuri sa panahon ng pagdadalang tao.

Susiriin ka ng hindi bababa sa dalawang beses sa panahon ng iyong pagbubuntis upang mapigilan ang congenital syphilis. Ito ay dahil mayroong isang pagtaas ng sipilis sa komunidad. Maaaring isasagawa ang isa pang pagsusuri sa sipilis kung mayroon kang isang mas mataas na posibilidad na magkaroon nito.

Bisitahin ang iyong doktor, komadrona o tagapagbigay ng serbisyong maternity upang magkaroon ng isang full STI test, kabilang ang isang pagsusuri sa sipilis.

## Paggamot

Madali ang paggamot ng sipilis. Ang pagpapapagamot (na kadalasan ay sa pamamagitan ng mga iniksyon) ay umaalis sa impeksyon at ligtas para sa iyo at sa iyong sanggol.

Kailangan kang magkaroon ng mga pagsusuri sa dugo pagkatapos ng iyong pagpapapagamot upang masuri na gumana ito

Maaari kang gamutin at manmanan ng iyong doktor o espesyalista sa kalusugang sekswal

## Paano pigilan ang sipilis

**Ang pinakamahusay na paraan upang pigilan ang sipilis ay ang pagsasagawa ng safe sex:**

- Palaging gumamit ng condom sa iyong mga bagong karelasyon gamit ang mga condom-safe lubricant (hal. water o silicon based).
- Iwasan ang pakikipagtalik sa sinumang mayroong sugat o isang ulcer sa kanilang maselang bahagi ng katawan, tumbong o bibig.
- Magkaroon ng mga regular na pagsusuri sa STI na kabilang ang sipilis.
- Dapat ring regular na masuri (at magamot) ang mga karelasyon (sexual partners) upang pigilan ang pagbabalik ng sipilis sa iyo o ang paghawa sa iba.
- Kung hindi ka kumportableng kumontak sa mga naging partner mo sa seks, maaaring bumisita sa **www.letthemknow.org.au** para sa payo o makipag-usap sa iyong GP o nangangalaga ng kalusugan.

**I-scan ang QR code para sa karagdagang impormasyon tungkol sa sipilis.**

MULTICULTURAL HIV AND HEPATITIS SERVICE

**South Western Sydney Local Health District**

Health Promotion Service

NSW GOVERNMENT